

WSD SCHOOL ENTRY SCREENING

Pagbati mula sa aming paaralan. Ayon sa direksyon ng *Public Health*, kinakailangan po naming suriin ang lahat ng bago makapasok sa aming gusali.

Kinakailangan po ninyong sagutin ang aming mga katanungan at kakailanganin din po namin ang inyong lagda para sa aming talaan.

Nakumpleto niyo na po bang sagutan ang *online self-screening tool* sa araw na ito?

Kung hindi: May pagkakataon po kayong kumpletuhin ang mga tanong ngayon (**bigyan sila ng kopya ng *screening tool***)

Kung oo: Sumagot po ba kayo ng “oo” sa isa sa mga tanong *online*?

Kung hindi: Salamat po. Paki lagdaan po dito, ito po ay katibayan na ang lahat ng inyong sagot sa mga tanong sa *self-screening tool* ay “hindi” o “wala”.

Kung oo: Pasensya na po ngunit hindi po kayo maaring pumasok sa paaralan sa araw na ito. Kailangan po ninyong bumalik sa inyong tahanan at sasabihan po namin sa inyong guro (o guro ng inyong anak) na mangangailangan po kayo ng bagong *schedule*.

Ngayon po ay ipapaliwanag ko ang proseso sa loob ng paaralan. Hinihiling po namin sa inyo na gamitin ang *hand sanitizer* dito o kung gugustuhin po ninyo ay maari ninyong hugasan ang inyong mga kamay gamit ang sabon at tubig sa banyo (**kung saan pinakamalapit sa pasukan**).

Habang kayo po ay nasa loob na ng paaralan, kinakailangan po ninyong sundan ang mga *arrow signs* sa sahig papunta sa inyong silid-aralan o sa iba pang parte ng paaralan.

Kinakailangan po ninyong tandaan na kailangan ninyong dumistansya ng 2ng metro sa ibang tao. Kung kayo po ay na-babahing o na-uubo, gawin po ito sa inyong manggas at hindi sa inyong kamay, pagkatapos, agad po ninyong hugasan ang inyong mga kamay.

Meron pa po ba kayong ibang katanungan?

Payagan na po silang pumasok sa paaralan (mga nakababatang bata sa pangangalaga ng kanilang guro).

SELF-SCREENING TOOL

1. Mayroon po ba kayo (o ang inyong anak) ng anuman sa mga sumusunod na sintomas?
 - a. Nilalagnat - *Fever/chills*
 - b. Inuubo - *Cough*
 - c. Pananakit o pamamaga ng lalamunan/pagkapaos - *Sore throat/hoarse voice*
 - d. Hirap sa paghinga - *Shortness of breath*
 - e. Kawalan ng panlasa o pang-amoy - *Loss of taste or smell*
 - f. Sinisipon - *Runny nose*
 - g. Pananakit ng katawan - *Muscle aches*
 - h. Pagkapagod - *Fatigue*
 - i. *Pink eye (Conjunctivitis)*
 - j. Masakit ang ulo - *Headache*
 - k. Pamamantal sa balat ng di nalalaman ang dahilan - *Skin rash of unknown cause*
 - l. Pagkahilo, pagduduwal o walang ganang kumain - *Nausea or loss of appetite*
2. May nakasalamuha po ba kayong nagkaroon ng aktibong kaso ng COVID-19 nitong huling labing-apat na araw?
3. Nagkaroon po ba kayo ng *exposure* sa *laboratory* habang direktang sinusuri ang *specimen* na naglalaman ng COVID-19?
4. Nagpunta po ba kayo sa isang lugar na kinilala ng *Public Health* na kung saan ay maaaring makuha ang COVID-19, tulad ng pagsakay sa eroplano, sa pinagtatrabahuhan na nagkaroon ng mga kaso, o sa mga okasyon, sa huling labing-apat na araw?
5. Bumiyahе po ba kayo sa labas ng Manitoba nitong huling labing-apat na araw, maliban sa byaheng personal sa *border communities*? (Hindi kasali dito ang mga manggagawa na bumibiyahе ng balikan sa iba't ibang probinsya dahil sa trabaho gayun din ang mga kabilang sa *commercial transportation* ng *goods* at *services*.)

Kung meron po kayong sagot na “oo” sa ilan sa mga tanong sa itaas, hinihiling po namin na kayo ay makipag-ugnayan sa *Health Links* para sa mga susunod na direksyon 204-788-8200